**Adbaysori, 2018**

**MULA KAY:** **RANDOLPH B. TORTOLA**
Schools Division superintendent

**PARA SA:** **Tagamasid Pansangay**
**Tagamasid Pampook**
**Mga Punong-Guro**
**Kaguruang nagtuturo na ang midyum ay Wikang Filipino**
***Ang Dibisyong ito***

**PAKSA :** **ULIRANG GURO SA FILIPINO 2018**

**PETSA :** **JUNE 24, 2018**

---

Ang Komisyon ng Wikang Filipino ay humihiling ng ating pagtangkilik at pagtaguyod sa gaganaping gawad ng "ULIRANG GURO 2018".

Ang paanyayang ito ay bukas sa lahat ng kaguruan mula sa iba't ibang paaralan ng Sangay ng Misamis Oriental.

Kalakip ng adbaysoring ito ay ang mga Panuntunan sa mga lalahok sa Ulirang Guro 2018, ang kalatas mula sa tagapangulo ng Commission on Higher Education at ang Pormularyo sa Paglahok.

Para sa iba pang detalye mangyari'y kontakin si Gng. Remedios P. Vasquez para sa inyong mga katanungan at paglilinaw sa (02) 243-9855 at 09420434031 o mag-email sa kwfssg@gmail.com.

Inaasahang ang mawalakang pagpapalaganap ng adbaysoring ito.

CID/ssa

**Tuntunin sa Ulirang Guro sa Filipino 2018**

1. Bukás ang timpalak sa lahat ng gurong nagtuturo gamit ang wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo, maliban sa mga kawani ng KWF at mga direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at kanilang mga kaanak hanggang ikalawang digri (degree).

2. Bukod sa indibidwal na aplikasyon, maaaring magpadala ng nominasyon ang mga Tagapamanihala ng Paaralan, Prinsipal, at Pangulo ng kolehiyo/unibersidad.

3. Ang mga aplikante ay kinakailangang magtaglay ng sumusunod na katangian:

   a. May hawak na kaukulang lisensiya (LET para sa nasa antas sekundarya at elementarya, masterado o yunit sa MA para sa kolehiyo), full-time at may permanenteng istatus.

   b. Nakapaglingkod nang tatlo (3) o higit pang taon bilang gurong nagtuturo gamit ang Filipino at kasalukuyang nagtuturo sa anumang antas ng edukasyon at may antas ng kahusayan (performance rating) na hindi bababa sa Very Satisfactory sa buong panahon ng paglilingkod.

   c. May makabuluhang ambag sa mga saliksik pangwika at pangkultura ng rehiyon. (Bibigyan ng malaking puntos ang mga nagawang saliksik).

   d. Nakapag-ambag sa pagpapalaganap at promosyon ng Wikang Filipino at/o mga wika at kultura sa larangan ng pagtuturo sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng publikasyon, seminar, pagsasanay, palihan, at iba pang katulad na gawain.

   e. Nanguna sa pagpapahalaga sa pamánang pangwika at pangkultura ng Filipinas kaagapay ng pagtataguyod at pagpapaunlad sa wikang Filipino.

   f. Nakatanggap ng parangal at/o iba pang gawad kaugnay sa kaniyang propesyon (opsiyonal).

4. Para sa Paunang Pagpili (Preliminary Judging):

   4.1 Maaaring magpása ang paaralan/dibisyon ng higit sa isang nominasyon. Ang bawat nominado at aplikante ay kailangang magsumite ng sumusunod.

      a. Pormularyo ng aplikasyon (maaaring madownload sa websayt ng KWF); at

      b. Komprehensibong Curriculum Vitae.

   4.2 Ang huling araw ng pagsusumite ng mga nominasyon/aplikasyon ay sa 6 Hulyo 2018.

   Ipadala sa email adres

      kwfssg@gmail.com

   o sa opisina ng KWF sa adres na

      Lupon sa Ulirang Guro 2018
      Komisyon sa Wikang Filipino
      Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
      1005 San Miguel, Maynila

   o sa pinakamalapit na Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa inyong lugar.

Retratong 2x2 pulgada

Kuha sa loob ng huling anim na buwan

I. **Personal na Impormasyon**
Pangalan:

II. **Natamong Edukasyon**
**Elementarya**
Pangalan ng Eskuwelahan:
Adres:
Taóng Pag-aaral:
**Sekundarya**
Pangalan ng Eskuwelahan:
Adres:
Taóng Pag-aaral:
**Kolehiyo**
Pangalan ng Eskuwelahan:
Adres:
Taóng Pag-aaral:
Kurso:
**Kursong Bokasyonal (Opsiyonal)**

III. **Lisensiya sa Pagtuturo**
LET/PBET
Iba pa

IV. **Karanasang Propesyonal**
Institusyon (Pinagturuan/Pinaglingkuran):
Posisyon:
Taon ng Pagtuturo/Paglilingkod:

V. **Mga Nagawang Pananaliksik**
Titulo/Pamagat:
Petsa:
Deskripsiyon ng Pananaliksik: ( 1 hanggang 3 pangungusap)

VI. **Nagawang Publikasyon (aklat, journal, pahayagang pangkampus, at iba pa)**
Titulo/Pamagat:
Petsa ng Pagkakalathala:
Naglimbag:

# Ulirang Guro sa Filipino 2018

## Pormularyo sa Paglahok

## I. Personal na Impormasyon

**Pangalan:** ____________________

**Adres:** ____________________

____________________

**Edad:** __________ **Kasarian:** __________ **Katayuang Sibil:** __________

**Araw ng Kapanganakan:** __________ **Lugar ng Kapanganakan:** __________

**Wikang Sinasalita:** __________ **Etnolingguwistikong Pangkat:** __________

**Telepono:** __________ **Mobile:** __________ **E-mail adres:** __________

**Paaralang Pinagtuturuan:** ____________________

**Uri ng Paaralang Pinagtuturuan (I-tsek) :** _____ **Publiko** _____ **Pribado**

**Adres ng Paaralan:** ____________________

**Telepono ng Paaralan:** __________ **Baitang/Taóng Tinuturuan:** __________

**Espesyalisasyon/Asignaturang itinuturo:** ____________________

## II. Mga Katangian ng Nominado

(I-tsek ang kahon kung taglay sumusunod na katangian)

- ☐ May kaukulang lisensiya sa pagtuturo (LET para sa nasa antas elementarya at sekundarya, masterado o yunit sa MA para sa kolehiyo), full-time at may permanenteng istatus
- ☐ Karanasan sa pagtuturo: _____ taon
- ☐ Antas ng kahusayan (performance rating): _______
- ☐ May nagawang mga pananaliksik. (Isulat ang titulo sa ibaba o sa hiwalay na papel kung hindi kasya)
- ☐ May nagawang publikasyon (aklat, journal, pahayagang pangkampus, at iba pa) (Isulat ang titulo sa hiwalay na papel kung hindi kasya)
- ☐ May naisagawang mga pagsasanay. (Isulat sa hiwalay na papel kung hindi kasya)
- ☐ May dinaluhang mga pagsasanay (Isulat sa hiwalay na papel kung hindi kasya)
- ☐ May inisyatiba sa pagtataguyod sa wikang Filipino
- ☐ May mga natanggap na parangal, gawad, at katulad

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**

OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION

**KALATAS MULA SA TAGAPANGULO**

| | | |
|---|---|---|
| **PARA SA** | : | **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**<br>**LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD** |
| **PAKSA** | : | **PARTISIPASYON SA "ULIRANG GURO SA FILIPINO", TAUNANG GAWAD NA INORGANISA NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO** |
| **PETSA** | : | Enero 3, 2018 |

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722, na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"*, malugod na iniendorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang *Ulirang Guro* ay taunang gawad na ibinibigay ng KWF sa mga natatangi at karapat-dapat na guro sa Filipino sa bawat rehiyon at/o probinsya sa buong bansa. Ang *Ulirang Guro* ay kailangang nagpamalas ng angking husay, talino, at dedikasyon sa pagpapalaganap at promosyon ng Wikang Filipino at/o wika at kultura sa larangan ng pagtuturo sa kanilang komunidad, at higit sa lahat ay may makabuluhang ambag sa mga saliksik pangwika at pangkultura.

Bukas ang timpalak sa lahat ng gurong nagtuturo gamit ang wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo sa mga pampubliko at pampribadong kolehiyo at unibersidad, maliban sa mga kawani ng KWF at mga director ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at kanilang mga kaanak hanggang ikawalong digri (degree).

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino sa telephono bilang (02) 243-9855 o kaya sa email komfil@kwf.gov.ph / kwfssg@gmail.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

**PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.**

2017-1229-072_KWF Ulirang Guro sa Filipino

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

26 Abril 2018

**RANDOLPH B. TORTOLA**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Dibisyon ng Misamis Oriental, Kagawaran ng Edukasyon
Lungsod Cagayan de Oro

Mahal na Tagapamanihala Tortola:

Magalang naming hinihiling ang inyong tangkilik at pakikiisa sa pagtataguyod ng gawad **Ulirang Guro sa Filipino 2018** sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga nominasyon mula sa inyong distrito/dibisyon para sa gawad na ito.

Ang **Ulirang Guro sa Filipino** ay isa sa taunang gawad na ibinibigay ng **Komisyon sa Wikang Filipino** sa mga natatanging guro sa iba't ibang disiplina na gumagamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo gayon din sa nagpamalas ng husay at inisyatiba sa pagpapalaganap ng wikang Filipino sa bawat rehiyon at/o probinsiya sa buong bansa.

Layunin ng gawad na ito na maipagparangalan ang mga guro na gumagamit ng Filipino sa kanilang pagtuturo upang maging modelo sa mga mamamayang Filipino sa pagtangkilik ng pambansang wika at kultura sa kanilang komunidad.

Hinihiling po namin ang inyong panghihikayat pa sa mga guro na lumahok sa gawad na ito at pagpapakalat pa ng impormasyon hinggil dito sa inyong distrito/dibisyon.

Kalakip ng liham na ito ang DepEd Memorandum para sa gawad *Ulirang Guro sa* Filipino, pormularyo ng paglahok, at template para sa CV.

Maaari po ninyong kontakin si **Gng. Remedios P. Vasquez** para sa inyong mga katanungan at paglilinaw sa (02) 243-9855 at 09420434031 o mag-email sa kwfssg@gmail.com.

Sumasainyo,

*Virgilio S. Almario*
**VIRGILIO S. ALMARIO,** National Artist
Tagapangulo

Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel, 1005 San Miguel, Maynila
(02) 736-2519 – SEN, 736-2525 – SPP, 516-0326 – Telefax
www.kwf.gov.ph komfil@kwf.gov.ph

10 Mayo 2018

**RANDOLPH B. TORTOLA**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Dibisyon ng Misamis Oriental, Kagawaran ng Edukasyon
Lungsod Cagayan de Oro

Mahal na Tagapamanihala Tortola:

Malugod po naming ipinapaabot sa inyo ang ilang imbitasyon na nakapaloob dito, gayundin ang sumusunod na kalakip:

1. Sulat-imbitasyon para sa Kongreso sa Wika 2018
   1.1. Brochure
   1.2. CHED Memorandum (ang DepEd Memorandum ay isusunod)

2. Sulat-imbitasyon para sa Ulirang Guro 2018
   2.1. Tuntunin sa Ulirang guro sa Filipino 2018
   2.2. Template ng Curiculum Vitae ng aplikante sa Ulirang Guro
   2.3. Pormularyo sa Paglahok
   2.4. DepEd at CHED Memorandum
   2.5. Poster ng Ulirang Guro 2018

Pauna ang aming pasasalamat sa inyong pakikiisa.

Gumagalang,

**SHEILEE BORAS-VEGA, Ph.D**
Puno, Sangay ng Salita at Gramatika